**INTERNATIONAL NAPASA ( October 1st , 2024 )**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG AUGUST SA LOOB NG SIYUDAD

8月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Agosto ay nagkaroon ng kabuuang 26 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Daikancho na may 4 kaso, Beniyacho may 3 kaso at tag-2 kaso sa lugar ng Takaracho at Nakahara. Kahit na nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng 5 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Yamashita, Yokouchi, Ookami, Guzo, Tamura at Tokunobu. Ipinapayong kapag ipinarada ang Motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagin rin ng kandadong panlaban sa mga magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA GABAY SA PAGPASOK NG HIGH SCHOOL

高校入学ガイダンスのお知らせ

**MGA SCHEDULE NG GABAY SA MGA NAIS PUMASOK SA PUBLIC HIGH SCHOOL NG KANAGAWA PREFECTURE SA TAONG 2025**:

1. October 6 ( Sunday) sa Koyo Junior High School Hiratsuka City
2. October 14 (Monday) Amyu-Atsugi sa Atsugi City
3. October 20( Sunday) Sagamihara Kokusai Kouryu Lounge
4. October 27 (Sunday) Yamato Shibuya Private Junior High School

Para sa mga nais dumalo ay mag-apply sa website ng ***KANAGAWA PREFECTURE (me-net).*** At sa mga taong nag-apply na ay ipadadala sa e-mail ang oras at iba pang detalyadong impormasyon. At para sa mga kinakailangan ng taga-salin ng wika ay ipaalam na lamang sa amin.

## 3)IMPORMASYON UKOL SA STARGAZING EVENT

「星を見る会」のお知らせ

Sa October 18 (Friday), ay magkakaroon ng "***PAGTITIPON PARA SA PAGMAMASID NG MGA BITUIN"*** sa roof top ng Museum ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 7:00 hanggang 8:30 ng gabi. Kung sakaling umulan ito ay hindi matutuloy. Dito ay maoobserbahan ang ***"Ang Buwan at ang planetang Saturn sa panahon ng Tagsibol"***. Makakalahok ang hanggang 80 katao. Para sa mga nais lumahok ay mag-apply hanggang sa October 4 sa pamamagitan ng pagpapadala ng Returned Post Card sa Museum o magpadala ng **electronic application** sa ***e-Kanagawa Electronic Portal System***.